74

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, NOONG IKA-23 NG ENERO, 2006, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | . . . . . . . . . . . . . | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| *Kgg. Bryan R. Lateo* | . . . . . . . . . . . . . | *Kagawad* |
| Kgg. Narciso A. Cayos | . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmal | . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Alan T. Pamatmal | . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Virgilio T. Ciriaco | . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| *Kgg. Angelito U. Limjuco* | . . . . . . . . . . . . . | *Kagawad* |
| Kgg. Serafin C. San Juan, Jr. | . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit | . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |

*DI-DUMALO:*

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Jun M. Asinas | . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 007-T'06

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAHILINGAN NINA G. OMAR ARSENAL AT G. CESAR SUERTE NA MAKAPAGDAOS NG ONE-COCK ULUTAN SA ENERO 26, 2006 SA *ARGEM SPORTS COLISEUM*, BARANGAY BUBUKAL NG BAYANG ITO.

SAPAGKA'T, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang kahilingan nina G. Omar Arsenal at G. Cesar Suerte na makapagdaos ng one-cock ulutan sa Argem Sports Coliseum sa *Enero 26, 2006;*

SAPAGKA'T, matapos na ito ay matalakay at malaman na ang bahagi ng kikitain ay ibibigay sa kawanggawa at gagamitin sa libreng gamutan ay ipinasya ng Pang. Tagapamuno ng Lupon sa Palaro at Libangan na irekomendang pagtibayin na ito.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. *Alden A. Sulit*, na *pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmal at Alan T. Pamatmal at sa buong* pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang kahilingan nina G. Omar Arsenal at G. Cesar Suerte na makapagdaos ng one-cock ulutan sa Enero 26, 2006 sa Argem Sports Coliseum, Brgy. *Bubukal ng bayang ito.*

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang *Ingat-Yaman*, Kagawaran ng *Pulisya*, Business Permit and License Office at *Tagapangulo ng Argem Sports Coliseum, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at* kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahan / kautusang ito.

Jeanette P. Alfonso

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan